**Sa Gitna Ng Pandemya**

Malungkot na nakadungaw sa bintana ang batang si Alyssa. Nakatanaw sa malayo at iniisip kung kailan siya muling makakapaglaro at makakalabas ng **tahanan**. Napansin ito ng kaniyang inang si Aling Marissa kaya't nilapitan siya nito.

**Aling Marissa**: Oh Alyssa, anak ko. Bakit kanina ka pang malungkot diyan? Ayaw mo bang maglaro?

**Alyssa:** Gustong-gusto ko pong maglaro, Nay. Pero nagsasawa na po ako rito sa loob ng **tahanan**. Gusto ko na pong lumabas at makipaglaro sa mga kalaro ko. Nasasabik na po akong makita muli **sila** Janna at Andrea. Nami-miss ko na rin po ang mamasyal **alco** sa City Park sa bayan. Bawal pa rin po ba akong lumabas?

Agad na ipinaintindi ni Aling Marissa ang sitwasyong kinakaharap ngayong nasa gitna ng pandemya. Ipinaliwanag niya kung ano ang Corona Virus Disease at mga pamamaraan kung paano makakiwas sa nakahahawang sakit.

**Aling Marissa**: Anak, hindi ba't mayroon ngayong tinatawag na Corona Virus Disease? Isa itong uri ng nakakahawang sakit na nagmula sa **Covid-19**, isang uri ng virus.

**Alyssa:** Alam ko po iyon, Nay! Ayon po sa balita, nagmula raw ang sakit **doon** sa China at mabilis na kumalat sa buong mundo. Kaya raw po tinawag na pandemya kasi masyadong mabilis makahawa sa ibang tao. Ito rin po ba ang dahilan kung bakit ilang buwan na tayong hindi lumalabas dito sa loob ng **tahanan**?

**Aling Marissa**: Tama ka, Alyssa. Ito rin ang dahilan kung bakit tayo higit na nag-iingat. Sa nagdaang buwan, ano-ano ang napansin mong mga pagbabago rito sa loob at labas ng ating **tahanan**?

**Alyssa:** Marami po akong napansin na pagbabago. Unang-una hindi niyo po ako agad niyayakap kapag dumarating kayo galing sa **Pamilihang Lungsod ng Lucena** mula sa pamamalengke. Dati naman po, niyayakap niyo agad ako. Kung lalabas man po kayo ng **tahanan**, palagi po kayong nakasuot ng **mask**, face shield at may baon na **alcoho** o di kaya ay sanitizer.

**Aling Marissa**: Bahagi rin ito ng ating pag-iingat. Nakakatulong ang mga ito upang mapigilan ang mabilis na pagkalat ng virus na nagiging sanhi ng sakit. Ligtas na tayo sa **Covid-19**, nakatulong pa tayo sa mga doktor, nurses, at iba pang frontliners. Napansin mo rin ba, mas madalas na rin tayong kumain ng mga gulay, at hindi rin tayo nawawalan ng Enervon C at Ceelin Plus para lagi tayong nakakainom ng vitamins.

**Alyssa:** Kaya po pala dumaan dito si **Aling Lorna** noong **Lunes** para dalhin ang mga vitamins natin.

Tumango-tango si Alyssa at agad na napangiti. Napagtanto niya na kung mag-iingat **sila** palagi, may mas malaking pagkakataon na agad na mawala ang naturang **Covid-19.** Dagli ay nagtungo siya sa lababo at nakangiting hinugasan ang kanyang mga kamay gamit ang sabon.